ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLIX Blg. 5
Marso 07, 2018
www.philippinerevolution.info

## 10 armas, nasamsam ng BHB-Quezon

Sampung armas ang nasamsam ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command o AMC) mula sa tatlong magkakasunod na aksyong militar nitong nakaraang linggo.

Sa Bondoc Peninsula, matagumpay na inilunsad ng AMC ang dalawang magkasunod na operasyong reyd at ambus noong Pebrero 26 at 27. Nakumpiska mula rito ang 10 iba't ibang kalibreng baril, kabilang ang anim na M16 at dalawang kalibre .22 na riple.

Unang nireyd ng BHB ang detatsment ng *private army* ng Tumbaga Ranch na pagmamay-ari ng pamilyang Murray sa Barangay Pagsangahan, San Francisco, noong Pebrero 26 nang alas-5 ng hapon. Mabilis at walang putok na nakontrol at nadisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga armadong tauhan ng despotikong panginoong maylupa na si James Murray.

Samantala, hinuli at binigyan ng mahigpit na babala bago pinalaya ang anim na armadong tauhan ni Murray kabilang ang dalawang aktibong myembro ng CAFGU. Matapos nito, sinunog ng BHB ang nasabing detatsment.

Kinabukasan, inambus ng AMC ang pwersang panreimpors ng 85th IB na nakasakay sa isang trak ng militar bandang alas-9 ng umaga sa Barangay Bacong Ilaya, General Luna. Lima ang kumpirmadong patay at siyam ang sugatan na sundalo. Dinala ang

...sundan sa pahina 4




EDITORYAL

# Kababaihan, magbangon laban sa rehimeng US-Duterte

Walang-habas ang pagyurak ni Rodrigo Duterte at ng kanyang rehimen sa mga karapatan ng kababaihan. Hindi nahahangganan ang kanyang paghamak sa pagkatao ng mga babae. Nagdudulot ng di mabatang pahirap ang kanyang mga patakaran, laluna sa kababaihang anakpawis.

Sa kanyang hindi nakatatawang mga biro ng panggagahasa, mga pangungutya at mga pagbabanta, si Duterte ngayon ang maliwanag na larawan ng pangit na mukha ng pyudal at patriyarkal na katangian ng atrasadong sistemang panlipunan na nagsasamantala at umaapi sa kababaihan.

Pinakahuli sa pangwawalang-hiya ni Duterte sa kababaihan ay ang kanyang tuwirang utos sa mga sundalo na barilin sa ari ang kababaihang Pulang mandirigma. Aniya, ito raw ay para mawalan na sila ng silbi. Binatikos rin niya ang mga inang Pulang mandirigma dahil "i-niiwan" ang kanilang mga anak para lumahok sa armadong pakikibaka. Para kay Duterte, ang kababaihan

ay pawang parausan at paanakan lamang ng kalalakihan. Hindi niya matanggap na ang kababaihan ay gumagampan ng malaking papel sa pakikibaka at pagbabago ng lipunan.

Sinusulsulan ni Duterte ang kanyang mga tropa na gumawa ng mga krimen at brutalidad sa lumalabang mamamayan, sibilyan man o kombatant. Tuwirang inuupat ni Duterte ang panggagahasa at iba pang anyo ng karahasang sekswal laban sa kababaihan bilang kasangkapan sa kanyang maruming gerang Oplan Kapayapaan. Layunin nitong maramihang takutin ang kababaihan at wasakin ang kanilang pagkatao.

Mahaba ang listahan ng kahindik-hindik na mga pasistang krimen ng mga nag-ooperasyong tropa ng AFP. Kabilang dito ang paggahasa ng di-bababa sa tatlong sundalo sa isang 14-anyos na Lumad noong Hulyo 2015 sa Talaingod, Davao del Norte. Noong Hulyo 2016, binaril ng mga tropa ng 8th IB ang isang buntis sa Bukidnon. Kalakaran na ng nag-ooperasyong mga sundalo ang bastos at kawalang-galang sa kababaihan.

Sa inilulunsad na hayok na pasistang gera ng rehimeng Duterte, patuloy na dumarami ang kababaihang biktima ng pamamaslang, panggigipit, iligal na pang-aaresto at detensyon. Sa Mindanao, iniinda ng kababaihan, laluna ng kababaihang Moro, ang ipinataw na batas militar. Hanggang sa kasalukuyan, daan-libong kababaihang Moro at kanilang mga anak ang nagdurusa sa mga sentro ng ebakwasyon at pinagkakaitang makabalik sa kanilang mga tahanan sa Marawi. Kasabay nito, sistematikong gumagamit ang pasistang militar ng taktika ng panlilinlang at pang-aakit tulad ng "panliligaw" sa layuning gawin silang pasibo at ilayo sila sa landas ng paglaban.

Ang mga magsasaka, laluna ang mga kababaihang magsasaka, ay dumaranas ng mala-aliping pang-aapi at iba't ibang matinding anyo ng pyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Ipinagtatanggol ng rehimeng Duterte ang malawakang monopolyo sa lupa ng malalaking asendero at malalaking plantasyon. Malinaw na kasinungalingan ang pangako nitong libreng pamamahagi ng lupa ngayong prayoridad ng rehimen ang pagbabago ng klasipikasyon ng lupa para bigyan-daan ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural. Pampasiklab lamang ni Duterte ang libreng irigasyon na walang silbi sa karamihan ng mga magsasaka dahil wala namang tunay na reporma sa lupa at dahil maliit na porsyento lang ng mga sakahan ang naaabot ng pasilidad nito.

Hanggang ngayon, dumaranas ang kababaihang manggagawa ng mas mababang sahod at di makatao at anti-babaeng mga kundisyon sa paggawa. Biktima sila ng sistema ng kontraktwalisasyon. Bilang mga manggagawa, nagdurusa sila sa mataas na tantos ng disempleyo, at mababang klase at walang katiyakang trabaho, laluna sa harap ng malaking bawas (mahigit 600,000) sa bilang ng mga may hanapbuhay noong nagdaang taon. Sa kabila ng kanyang mga pampasiklab, hindi mapagtakpan ni Duterte na inutil ang kanyang rehimen sa pagtatanggol sa karapatan at kagalingan ng mga migranteng manggagawa, laluna sa mga kababaihan at bigo siya na mabigyan sila ng hanapbuhay.

Nagdudulot ng labis na pagdurusa sa kababaihan ang kontra-mamamayang mga hakbang at patakaran ng rehimeng Duterte na pawang pagpapatuloy ng mga maka-imperyalistang neoliberal na patakaran ng nagdaang mga rehimen. Sa bungad ng taon, ininda ng mamamayan, lalo't higit ng mga ina at mga nangangasiwa ng mga tahanan, ang nagtataasang presyo ng bilihin at serbisyo dulot ng ipinataw na dagdag at bagong buwis sa ilalim ng TRAIN.

Lalo pa silang biniktima ng artipisyal na kakulangan ng bigas, na minamaniobra ng kaibigan ni Duterte na si Manuel Piñol para higit na ibwelo at kontrolin ang pag-aangkat ng bigas. Biktima ang daan-daan libong mga bata ng korapsyon sa burukrasya at kawalang-


ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 5 | Marso 07, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

**instagram.com/cppinfobureau**

**@prwc_info**

**fb.com/groups/cppinformationbureau**

**cppinformationbureau@gmail.com**


# Nilalaman


**Editoryal**: Kababaihan, magbangon laban sa rehimeng US-Duterte 1

10 armas, nasamsam ng BHB 1

Desperado si Duterte 4

Muling pagsiklab ng digmang Moro 5

Mga pasanin sa bawat pasada 6

*Deployment ban*, inutil 7

Malawakang panggigipit sa Mindanao 7

Karahasan sa Negros 8

Panggigipit sa aktibista at magsasaka 9

#WalkoutPH, humugos sa kalsada 9

Pag-aalsang EDSA, ginunita 10

Lakbayan ng Northern Samar 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

responsibilidad ng magkasunod na rehimen na nagdulot ng trahedya ng ineeksperimentong bakunang Dengvaxia.

Dagdag sa dinaranas nilang kaapihan, nais ng naghaharing reaksyunaryong estado na manatili silang nakakulong sa pagiging pasibo, tahimik at kawalang-pakialam. Pilit silang ipinipiit sa loob lamang ng mga tahanan (bilang asawa, ina, kapatid o anak) na ang tanging silbi sa buhay ay maglingkod sa lalaking myembro ng kanilang pamilya.

Subalit matagal nang binabaklas ng mga kababaihan ang bilangguang ito. Sa harap ng dinaranas nilang matinding pang-aapi, maramihang nagbabangon ang kababaihan upang lumahok sa mga pakikibaka. Para sa kababaihang nagbangon, ang lumahok sa pakikibaka ang unang hakbang sa paglaya. Sa pakikibaka, naiaangat nila ang kanilang prestihiyo at ang katayuan nila bilang kababaihan. Binabasag nila ang mababang pagtingin at pagturing sa kanila ng dominanteng kaayusang pyudal at patriyarkal.

Aktibo silang nag-aambag sa pagwawakas ng mapang-api at mapagsamantalang sistemang malakolonyal at malapyudal at pagtatatag ng demokratiko at maunlad na kaayusan. Laksa-laksang libong kababaihan ang kabilang sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at iba pang pambansa-demokratikong samahan at kilusan.

Marami sa mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay nagmula sa hanay ng kababaihan, laluna mula sa hanay ng kababaihang anakpawis. Nagpasya silang lumahok sa armadong pakikibaka at gumampan ng iba't ibang rebolusyonaryong gawain. Tinitingala sila ng sambayanang Pilipino. Nagsisilbi silang mga kumander, giya sa pulitika, medik, upisyal sa suplay, edukasyon, guro sa literasiya at iba pang tungkulin sa iba't ibang andana ng hukbong bayan. Walang gawain o oportunidad ang ipinagkakait sa kanila dahil lamang sila ay babae. Marami rin sa mga lider ng Partido Komunista ng Pilipinas ay mga babae.

Itinatakda rin ng BHB ang pantay na pagturing sa kababaihan gayundin ang paggalang sa kanila sa lahat ng sitwasyon. Nakasaad sa batayang alintuntunin nito—ang Tatlong Punto ng Disiplina at Walong Bagay na Dapat Tandaan (mas kilala sa taguring Tres-Otso)—ang mahigpit na pangangalaga sa kanilang mga karapatan at ang maayos na pagturing sa kanila sa gawi at salita. Nakasaad naman sa konstitusyon, programa at iba pang alituntunin ng PKP ang pantay na karapatan ng kalalakihan at kababaihan, maging sa loob ng kasal.

Sa harap ng pang-aapi, pandarahas, pambabastos at pagmamaliit ni Duterte sa kababaihang Pilipino, wala silang ibang masusulingan kundi ang magbangon laban sa pasismo ng kanyang rehimen. Dapat sumulong ang kababaihan sa landas ng pambansa-demokratikong paglaban at isulong ang iba't ibang anyo ng armado at di armadong paglaban. Nananawagan ang Partido sa lahat ng mga kababaihang manggagawa, magsasaka at mga estudyante, na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at lumahok sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa buong kapuluan. AB

---

*"10 armas..." mula sa pahina 1*

mga ito sa morge at mga ospital sa bayan ng Catanauan habang ang mga malulubha ay inilipat ng ambulansya sa ospital sa Lucena.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC, bukod sa mga nabanggit na labanan ay wala nang naganap na labanan sa pagitan ng BHB at AFP sa Bondoc Peninsula. Pinabulaanan din ni Ka Cleo ang mga *fake news* na ikinalat ng tagapagsalita ng AFP na may naganap pang labanan sa Barangay 9 ng Poblacion ng Catanauan at sa Barangay Panaon, Unisan. Pinasinungalingan din niya ang mga pinakalat ng AFP tungkol umano sa dinukot na mga sibilyan. Aniya, nagkakabuhol-buhol na ang mga pahayag ng AFP sa pambabaluktot ng mga balita laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusan.

Samantala, isang tauhan ng CAFGU ang napatay matapos paputukan ng BHB ang detatsment nito sa Barangay Del Rosario Lopez, Quezon noong Pebrero 28, alas-9 ng umaga.


Ayon pa sa AMC, bahagi ito ng paglaban ng rebolusyonaryong kilusan sa rehimeng US-Duterte. Labis na ang idinulot na karahasan at terorismo ng bayarang AFP kaya marapat lamang na tumbasan din ito ng makatwirang himagsikan sa pamamagitan ng pagsusulong ng digmang bayan.

**Mindoro.** Isang operasyong isnayp ang inilunsad ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command o LdGC) laban sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Pebrero 24, bandang alas-8:30 ng umaga. Agad na nasawi ang CAFGU na si Domingo Berber.

**Negros.** Tatlong *shotgun* ang nakumpiska ng Mt. Cansermon Front Operational Command mula sa magkakasunod na aksyong dis-arma noong Pebrero 10-20 sa ilang barangay ng Bindoy at Manjuyod sa Negros Oriental. Target ng naturang mga aksyon ang masasamang elemento na nakikipagsabwatan sa AFP sa kontra-insurhensya. AB



# Nagiging desperado ang nag-aambisyong diktador





Habang nagtatagal, mas tumitingkad ang mga kahinaan at unti-unting lumilitaw ang mga lamat sa rehimeng Duterte. Magdadalawang-taon na sa poder si Duterte, pero hindi pa niya nairatsada ang mga hakbangin para mapalawig ang kanyang poder at monopolyohin ang kapangyarihang pampulitika. Ito ay sa kabila ng nililikha niyang ingay sa walang tigil na pagngangawa, pagbabanta at pang-iipit, at sa kabila ng kanyang supermayoryang kontrol sa Kongreso pati na sa Korte Suprema.

Sa partikular, bigo si Duterte at kanyang mga alipures sa Kongreso na ipatawag ang isang Constituent Assembly noong Enero upang mabilisang ipatupad ang "cha-cha" (*charter change* o pagbabago sa konstitusyon) at itulak ang isang pederal-presidensyal na anyo ng gubyerno.

Unang balak ni Duterte na tapusin ang "cha-cha" ngayong 2018 upang unahan ang eleksyong 2019 at ipreserba ang supermayoryang kontrol ng mga alipures niya sa reaksyunaryong Kongreso. Planong mapanatili sa poder si Duterte sa diumano'y panahon ng transisyon na tatagal ng sampung taon. Subalit malakas na pagbatikos at pagtutol ang sumalubong sa pakanang ito na lantad na minamadali at binabraso ni Duterte at kanyang mga alipures. Kabilang sa mga mahigpit na tumutol ang ilang kapartido ni Duterte at mga kaalyado niya sa Senado.

Alam ni Duterte na wala siyang tiyak na suporta mula sa Senado. Kahit pa inip na inip na siyang mapatalsik si Maria Lourdes Sereno bilang *chief justice* o hepe ng Korte Suprema, nag-atubili rin ang pangkating Duterte na mairatsada sa Kongreso ang kasong *impeachment* dahil sa pag-aalalang hindi ito kakatigan ng mayorya ng mga senador. Sa halip, itinulak na lamang ni Duterte ang mayorya ng mga mahistrado ng Korte Suprema na idiin si Sereno na magbitiw. Subalit di natinag si Sereno. Sa desperasyon ng Malacañang, si Sereno ay sinampahan noong Marso 5 ni Solicitor General Jose Calida ng kasong *quo warranto*, isang proseso para kwestyunin ang batayan ng awtoridad ng isang taong gumagamit ng pangalan ng isang tanggapang pampubliko.

Pero sa halip na mapalakas ang tulak ni Duterte na mapatalsik si Sereno, lalong naudyok ang malawak na pagkontra rito. Lalong dumami ang nagdepensa sa pusisyon ni Sereno dahil sa paninindigang tahasang iligal o taliwas sa konstitusyong 1987 ang prosesong *quo warranto*. Sa ganitong hakbangin ni Duterte, tumampok sa marami na mahina ang niluluto niyang kasong *impeachment* kontra sa punong mahistrado.



Habang papalapit naman ang eleksyong 2019, lumalalim ang mga hidwaan sa pagitan ng iba't ibang paksyong bumubuo ng pangkating Duterte sa hangaring mas maagang makapusisyon. Nitong Pebrero, tumambad sa publiko ang girian sa pagitan ni Sara Duterte, *mayor* ng Davao City at ni Speaker Pantaleon Alvarez. Kinonsolida ni Sara Duterte ang mga pampulitikang dinastiya sa rehiyon ng Davao sa pamamagitan ng pagbubuo ng Hugpong ng Pagbabago kung saan pumailalim ang apat na gubernador sa Region 11, kabilang ang kamag-anak ng mga Floirendo na mahigpit na karibal ni Alvarez. Si Sara Duterte ay pinaniniwalaang naghahanda bilang tagapagmana ng trono ng kanyang ama, katulad ng minana niya ang pagiging *mayor* ng Davao City upang ituloy ang kanilang burukrata-kapitalistang paghahari.

Kasabay nito, lumalala ang sigalot sa pagitan ng iba't ibang paksyon sa PDP-Laban, ang partidong nagdala kay Duterte sa pagtakbo noong eleksyong 2016. Ngayon pa lamang, matindi na ang maniobrahan at brasuhan sa pagitan ng mga reeleksyunistang kaalyado niya sa Senado at kanyang mga alipures sa gabinete na pinangakuan niya ng pwesto. Ginamit ni Alvarez ang pagrerekrut ng maraming bagong kasapi ng PDP-Laban upang magbuo ng bloke laban kay Sen. Aquilino Pimentel III at sa pambansang liderato ng PDP-Laban.

SI DUTERTE NA rin mismo ang nagbunyag kamakailan sa kanyang pasistang kaisipan nang sabihin niya na mahirap mamuno "kung masyadong maraming karapatan" ang mamamayan. Bago nito, sinabi niyang kailangan ng diktadura para

"may mangyari" sa bansa. Alinsunod pa rin ito sa dati na niyang hayagang pag-iidolo kay Marcos.

Bilang mga burukrata-kapitalista, nakatali sa paghawak sa estado poder ang pagpapanatili ng pampulitikang dinastiya ng mga Duterte. Kaya naman ganoon na lamang ang pag-aambisyon ni Duterte na monopolyohin ang kapangyarihang pampulitika. Ang lahat ay hinahanapan ng dumi at ginagamit ang mga iyon para mang-ipit at mamwersa. Ang mga pulitiko ay inaalyado at pinagsasabong. Gawi na ito ni Duterte noong meyor pa lamang siya sa Davao City.

Subalit hindi basta maibwelo ni Duterte ang mga taktika at planong ito sa Malacañang. Anuman ang kanyang paraan, “cha-cha” man o tahasang deklarasyon ng batas militar, tiyak na sasalubungin siya ng malawak na pagtutol, laluna ng malakas na armado at di armadong paglaban ng sambayanang Pilipino.

Bagaman todo-todo ang ginagawa niyang pagkonsolida ng militar at pagkuha ng suporta ng US, alam din ni Duterte na may mga paksyon dito na tapat sa mga karibal niyang pangkatin na may kakayahan, kundi man kapangahasan, na maglunsad ng kontra-aksyong militar oras na gumawa si Duterte ng tahasang hakbangin sa pagtatag ng diktadura. Ang desisyon niya kamakailan na palawigin pa hanggang Abril ang termino ni Gen. Ronaldo dela Rosa bilang pinuno ng PNP ay nagpapakita na wala siyang ibang kaagad na mapagkatiwalaang upisyal na hihiranging pinuno ng mga pulis.

Dahil sa tumitindi ang mga kontradiskyon ng naghaharing sistema, lalong lumalaki ang posibilidad na anumang tangka ni Duterte na iluklok ang sarili bilang isang diktador ay magiging marahas at madugo. AB

# Nagbabadyang pagsiklab muli ng digmang Moro

Nagbabadyang muling sumiklab at kumalat ang digmang Moro sa Mindanao bunsod ng lubhang pagkaantala ng pagpasa ng reaksyunaryong Kongreso sa Bangsamoro Basic Law (BBL). Malakas ang sentimyentong ito sa hanay ng mamamayang Moro, maging sa mga tagasuporta ng BBL.

Matagal nang pinaaasa ng rehimeng Duterte ang mamamayang Moro na isasabatas ang BBL. Noong 2017, pinangako ni Duterte na maipatutupad ito sa Enero 2018. Pero ilang buwan na ang lumipas, wala pa rin siyang maibigay na kasiguruhan na maisasabatas ito. Ang huling palipad-hangin ng kanyang mga alipures sa mababang kapulungan ng kongreso ay maisasabatas ang BBL bago ang Marso 27 o bago magtapos ang kasalukuyang sesyon ng kamara, bagay na lubhang kaduda-dudang matutupad gayong ilang araw na lang ang natitira para sa mga pagdinig at debate.



Pinangangambahan ng mamamayang Moro na ang mga pagdinig sa BBL ay palaging umiinog sa konseptong "iisang bansa, iisang estado," at kung umaayon ba ito sa mga probisyon ng konstitusyong 1987 o hindi. Bumabangga ito sa saligang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili na iginigiit ng Bangsamoro. Dahil ito ang daladala ng "supermayorya" ni Duterte, di malayong maulit na naman ang sinapit sa borador na BBL sa ilalim ng rehimeng Benigno Aquino III: isang pinalabnaw na BBL.

Nitong Pebrero, dalawang beses na mariing nanawagan sa gubyernong Duterte si Murad Ebrahim, tagapangulo ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), na kailangang maipasa na ang BBL. Aniya, sinasamantala ng mga grupong "separatist" ang matagal na pagkaantala sa pagpasa ng BBL para makapagrekrut sila ng mga bagong kapanalig sa "gerang *jihad*." Nagpahiwatig ang lider ng MILF na dahil sa kabiguang maipasa ang BBL, ang pagsindi muli sa gerang "separatist" sa Mindanao ay hindi malayong mangyari. Aniya, malamang na maulit ang katulad na nangyari sa Marawi City at posibleng atakehin ng ilang grupo ang dalawang syudad sa ARMM.

Ganito rin ang sentimyentong ipinahayag ng mga kumander at mandirigma ng Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF) ng MILF. Sa pahayagan ng MILF, isinaad ni Datu Riga ng Maguindanao, isang beterano ng Camp Abubakar War, na "sakaling bibiguin na naman kami ngayon ng Kongreso, kami ay handang bumalik sa larangan ng gera, ang labanan ang kaaway." Sa Dulawan, bayan ng Datu Piang, Maguindanao, mariing ipinahayag ni Bapa Bedo, na "hindi nila matatanggap ang panibagong kabiguan..."

Labas sa MILF, iba't ibang armadong grupong Moro ang nagsusulong ng armadong paglaban, kabilang ang Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF). Noong Oktubre 2017, nagpahayag rin sa publiko ang Meranaw Victims Movement (MVM), isang armadong grupo na humihingi ng katarungan sa ginawang gerang pagkubkob at pagwasak ng rehimeng Duterte sa Marawi. AB

# Patung-patong na pasanin sa bawat pasada

Mula nang magbukas ang 2018, siyam na ulit nang tumaas ang presyo ng *diesel*. Nitong Marso 6, P0.30/litro ang dagdag na singil ng mga kumpanya ng langis sa mga motorista. Dahil umano sa patuloy na pagtaas ng presyo nito sa pandaigdigang pamilihan, umabot na sa kabuuang P5.50/litro ang dagdag presyo ng langis mula Enero.

Para sa mga drayber at opereytor ng dyip, ang pinapasan nilang sunud-sunod na pagtaas ng presyo ng langis ay palulubhain pa ng P2.50 *excise tax* sa *diesel* na itinakda ng batas sa pagbubuwis na Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) ng rehimeng Duterte simula ngayong taon. Tataas pa ang buwis na ito tungong P4.50 pagsapit ng 2019, at magiging P6 sa 2020.

Maliban dito, papatawan pa ng 12% *value added tax* (VAT) ang *excise tax*. Sa kasalukuyang abereyds na presyo ng *diesel* na P40 /litro (kasama na ang VAT), mangangahulugan ito ng kabuuang pagtaas ng P42.80/litro kung saan kabilang na ang P2.50/litro na *excise tax* at ang P0.30 VAT.

Para sa drayber ng dyip na karaniwang kumokonsumo ng 30 litro ng *diesel* sa bawat araw, P1,284 ang kailangan niyang ilaan para lamang sa krudo. Kailangan niya pang kumayod ng karagdagang P1,000 para sa *boundary*. Anumang matitira sa kanyang kikitain sa maghapong pasada ang siya nang pagkukunan ng mga gastusin sa pamilya, na batay sa pinakahuling pagtaya ay nagkakahalaga ng P1,119.

Para sa taong 2018, kakaharapin din ng sektor ng transportasyon ang dagdag buwis na P7 sa bawat litro ng *lubricating oil*, grasa, *wax* at *petrolatum*. Daragdagan ito nang P2 pagsapit ng 2019, at karagdagan pang P1 sa 2020. Ang *excise tax* na ipapataw naman sa mga sasakyan ay magreresulta din sa pagsirit ng presyo ng mga pyesa at iba pang pangangailangan sa pagmantine at pagkumpuni ng mga dyip.

Sa datos mismo ng Department of Energy noong 2017, 80% ng pangangailangan sa produktong langis ay napunta sa transportasyon. Dahil sa malawakang paggamit ng mga produktong petrolyo, magreresulta ang bagong mga buwis sa langis sa pagtaas ng presyo hindi lamang ng transportasyon. Apektado rin maging ang gastusin sa kalakalan na magdudulot ng pagtaas ng singil sa pamasahe, hilaw na materyales at manupaktura, gayundin ang mga bayarin sa yutilidad.


Katugma ng TRAIN sa pagtanggal ng kabuhayan ng mahigit 600,000 drayber at 250,000 opereytor ang iskema ng reaksyunaryong gubyerno na i-*phaseout* ang mga dyip pagsapit ng 2021. Sa tabing ng "modernisasyon," ang mga upisyal mismo ng rehimen ang nagsisilbing tagabenta para sa dayuhang mga kumpanya at lokal na mga burgesya kumprador na tutubo sa pagpapalit ng may 300,000 dyip sa buong bansa. Para sa unang kwarto ng taon, nagpalabas na ang Department of Transportation ng may 2,000 bagong pampublikong sasakyan na umano'y umaayon sa programang "modernisasyon."

Malinaw na hindi ito para sa karaniwang mga drayber at opereytor. Hindi nila kakayanin ang P1.6 milyong halaga ng bawat "modernong" sasakyan, na aabot sa mahigit P2 milyon kapag idinaan sa sistemang *financing* ng DOTr. Hinihingan din sila ng P7-10 milyong kapital upang mabigyan ng prangkisa.

Matigas ang rehimen sa pagpawi ng mga dyip sa mga kalsada at itulak ang negosyo ng sasakyan. Bilang tugon sa matinding protesta laban sa programang *phaseout*, nagpakana ang DOTr ng "Tanggal Bulok Tanggal Usok" na nagpapataw ng P5,000 multa sa bawat kiting na diperensya sa mga dyip.

Mahigpit na panawagan ng mga drayber at opereytor ng dyip na kontrolin ang presyo ng langis, ibasura ang TRAIN Law, Jeepney Phaseout at kaugnay na pakanang "Oplan Tanggal Bulok Tanggal Usok." Dapat ding magkaroon ng tunay na programang modernisasyon na hindi magtatanggal sa kanilang mga kabuhayan. Sa halip, dapat paunlarin ang sistema ng transportasyon na may subsidyo sa rehabilitasyon ng mga dyip.

Dapat ding lutasin ang pagsalig sa pag-aangkat gayong taglay ng Pilipinas ang mga hilaw na materyales para sa pagmanupaktura ng mga sasakyan. Ayon pa sa mga drayber at opereytor, ang sistema ng pampublikong transportasyon ay dapat na isabansa. AB



## *Deployment ban* ni Duterte, inutil

Upang magkunwaring may puso para sa migranteng Pilipino, ipinahayag ni Rodrigo Duterte noong Pebrero 19 na maaari pa niyang paramihin ang mga bansang bawal na silang magtrabaho. Muli rin niyang ipinangakong lilikha ng trabaho sa loob ng bansa para di na umano kailangang mangibang-bansa ang mga manggagawang Pilipino kung saan dumaranas sila ng pang-aabuso at pagsasamantala.

Mismong mga estadistika ng gubyerno ang nagpapasinungaling sa mga pagmamayabang ni Duterte. Sa ilalim ni Duterte, umaabot sa 4,700 kada araw ang bilang ng manggagawang Pilipino na lumalabas ng bansa. Mahigit 12 milyong Pilipino pa rin ang nakikipagsapalaran sa labas ng bansa kung saan tinatayang may 750,000, mayorya ay mga kasambahay, ang dumaranas ng pang-aabuso sa kanilang mga amo. Sa bilang na ito, hindi bababa sa 800 taun-taon ang iniuuwing bangkay. Bigo rin ang reaksyunaryong gubyerno na aksyunan ang mga kaso ng aabot sa 4,000 OFW sa ibang bansa, 130 dito ang nakatakdang bitayin.

Gayundin, hungkag ang pangako ni Duterte na bibigyan niya ng mga trabaho ang mga nadislokang mga OFW. Noong 2017, pinakamaliit ang tantos ng nalikhang bagong mga trabaho sa loob ng 20 taon.

Sa pahayag ng Migrante International, binatikos nito ang pagpapatupad ng *deployment ban* ng rehimen samantalang hindi nilulutas ang ultimong dahilan kung bakit milyun-milyon pa rin ang nakikipagsapalaran sa ibang bansa. Dagdag pa ng grupo, kung walang maibibigay na nakabubuhay at tiyak na kabuhayan, wawasakin ni Duterte ang buhay at kabuhayan ng maraming OFW. Malinaw na walang nireresolba ang *deployment ban*.

Sa halip, ang may 400 OFW na pinauwi mula sa Kuwait ay iniaalok lamang sa China na nangangailangan ng murang lakas paggawa.

Ipokrito si Duterte at kanyang mga alipures sa POEA, DFA at DOLE sa pagpapahayag na dapat galangin ang karapatan ng mga OFW at hindi dapat ituring na alipin ang mga OFW habang wala namang ibinibigay na trabaho sa loob ng bansa, walang repormang ipinatutupad upang pangalagaan ang kagalingan ng mga OFW at agarang aksyon sa inihahain nilang mga reklamo. Inutil ang rehimeng Duterte sa pagbibigay hustisya sa daan-daang OFW na biktima ng pang-aabuso, krimen at pagpaslang.

Hugas-kamay din ang rehimen sa pananagutan sa pagkamatay ng mga OFW na sina Joanna Demafelis at Josie Lloren. Pilit nitong ibinabaling ang galit ng mamamayan at sisi sa umano'y kanilang mga *illegal recruiter* upang maabswelto ang pamahalaan.

Malinaw ang kriminal na kapabayaan ng POEA, OWWA at ng mismong administrayong Duterte dahil sa kawalan ng matinong sistema sa pag-*monitor* mula *recruitment, deployment* at hanggang makauwi ang OFW. Palabas at pagpapabaya lamang ang *deployment ban* ni Duterte at walang magagawa upang wakasan ang pang-aabuso, at pagsasamantala sa mga OFW. AB

# Malawakang panggigipit sa mamamayan ng Mindanao

Matitindi at walang awat ang mga operasyon ng AFP sa mga lugar na pinalalabas nitong base ng Bagong Hukbong Bayan sa tangkang pagkaitan ng suporta ng malawak na masa ang BHB. Bahagi ito ng kampanya ng teror ng rehimen na tumatarget sa mga sibilyan sa digma sa hangaring gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Kasabay ng mga operasyong militar, tuluy-tuloy ang panggigipit sa mga indibidwal na inaakusahan ng militar na sumusuporta sa BHB.

Noong Pebrero 9, limang myembro ng Pigyayungaan, organisasyon ng mga Higaonon sa Cabanglasan, Bukidnon ang kinasuhan ng bigong pagpatay matapos silang idawit ng militar sa isang engkwentro sa pagitan nito at ng BHB noong nakaraang taon. Isa sa mga akusado si Datu Jomorito Goaynon, tagapangulo ng Kalumbay Regional Lumad Organization kung saan nakapailalim ang Pigyayungaan. Kabilang din sa mga kinasuhan si Joel Luis, tagapangulo ng Pigyayungaan ng Cabanglasan.

Bago nito, noong Marso 1, iligal na inaresto ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 88th IB ang 13 sibilyan, kabilang ang kapitan ng barangay at ilang kagawad ng Barangay Digongan, Kitaotao, Bukidnon. Dinala ang 13 sa kampo ng 401st IBde sa Maramag. Inaresto sila matapos ang engkwentro sa pagitan ng militar at BHB. Sa araw ng pag-aresto, kasama ng mga militar ang isang diumano'y sumukong Pulang mandirigma na siyang nagturo sa mga inaresto. Isinagawa ang pang-aaresto nang walang mandamyento. Apat ang nakalabas noong Marso 2 habang hindi pa pinalalaya ang iba.

Noong Pebrero 23, inaresto ng may 30 pinagsanib na elemento ng SWAT at Provincial Public Safety Battalion si Roger Gonzales, 50, at residente ng P9, Del Monte, Talacogon, Agusan del Sur. Myembro siya ng konseho ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Agusan del Sur. Idinetine siya sa istasyon ng pulis sa Talacogon at inakusahang kumander umano ng yunit milisya sa lugar.

Noong Marso 3, inaresto rin ng mga sundalo ang ilang residente ng Sityo Bayabas, Barangay Bonacao, San Fernando, Bukidnon kabilang ang isang gurong Lumad ng Mindanao Interfaith Services Foundation Inc., (MISFI). Idinetine ang mga inaresto sa kampo ng militar sa naturang barangay. Ayon sa mga guro ng MISFI Academy, ilang beses nang pinatatawag ang lahat ng guro nito sa Bukidnon at pinapupunta sa baraks ng militar.


**Pagdedeklarang "terorista" sa mga sibilyan**

Tatlong matatandang lider Lumad, sina Datu Mandayhon, Datu Mampadayag at Mamerto Guyanon, ang kamakailan ay hayagang inakusahan ng AFP na mga kasapi ng PKP at BHB at itinuring na mga "terorista", na nagsasapanganib sa kanilang buhay.

Si Datu Mandayhon ang namumuno sa komunidad ng mga Talaandig sa kahabaan ng Pantaron Range. Bihira siyang pumunta sa sentrong bayan, liban sa pagkakataong sumama siya sa pagbakwit ng komunidad noong 2016 nang paslangin ng paramilitar na Delamance Brothers ang kapwa mga Talaandig at ilang kapitbahay na Banwaon. Target ng malalaking kumpanya sa mina ang lupang ninuno ng komunidad ni Datu Mandayhon.

Si Datu Mampadayag naman ay tumatayong lider ng kanilang komunidad sa paglaban sa pananalanta ng militar at pagpasok ng mga dayuhang kumpanya ng mina sa kanilang lugar. Matagal na siyang pinag-iinitan ng militar at madalas, kinakailangan niyang lisanin ang kanyang bahay kapag may operasyong militar.

Samantala, ang lupaing ninuno naman nina Datu Guyanon, tahanan ng mga Higaonon, ang tinayuan ng plantasyon ng saging na ngayo'y pinuprotektahan ng magkakapatid na Delamance at kanilang grupong paramilitar.



## Karahasan sa Negros

Patuloy ang pagdanak ng dugo ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga tubuhan sa kamay ng malalaking asendero at kanilang mga armadong tauhan sa Negros. Mula lamang Enero 2017, hindi bababa sa 21 myembro ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) ang biktima ng pampulitikang pamamaslang. Samantala, walang awat ang pang-aaresto at pagdedetine ng mga aktibista sa isla.

Pinakahuling kaso ng pamamaslang ang pagbaril-patay kay Ronald Manlanat, 30, myembro ng lokal na tsapter ng NFSW sa Hacienda Joefred, Barangay Luna, Sagay City, Negros Occidental noong Pebrero 22. Binaril ng M16 si Manlanat na sanhi ng pagsabog ng kanyang ulo. Dati nang nakakatanggap ang biktima ng mga pagbabanta sa kanyang buhay subalit hindi naging hadlang ang mga ito sa kanyang pag-oorganisa at pagtulong sa mga kapwa magsasaka sa mga kalapit na lugar.

Noong Pebrero 23, minasaker ang mga magsasaka na sina Jessebel Abayle, 34; Carmelina Amantillo, 57; Consolacion Cadevida, 66; at Felimon Molero, 66. Nakaligtas naman sa pamamaril si Lito de Jesus, 28. Ang mga biktima ay pawang nagmula sa Hacienda Don Gaspar Vicente sa Sityo Bondo, Barangay Napacao, Siaton, Negros Oriental. Tulad ni Manlanat, ang mga biktima ay mga benepisyaryo ng reaksyunaryong reporma sa lupa na pinipilit magpaupa o magbenta ng lupa ng malalaking asendero at kanilang mga kasapakat.

Noon namang Marso 3, iligal na inaresto ang kabataang sina Myles Albasin, 21; Carlo Ybanez, 18; Ajomar Indico, 29; Randel Hermino, 19; Bernard Guillen, 18; at Joel Baylosis, 18 sa Barangay Luyang, Mabinay, Negros Oriental. Pinalabas ng mga sundalo na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan nila at ng mga kabataan na anila'y mga kasapi ng BHB. Pinagkaitan sila ng karapatang makita ng kanilang mga pamilya, kaibigan at abugado. Nakadetine ngayon ang anim sa Dumaguete Provincial Jail.

Ayon sa Kaugmaon-KMP, si Albasin at kanyang mga kasamahan ay naglulunsad ng panlipunang pananaliksik sa lugar na bahagi ng programa ng Negros Farmers Association. Pinasinungalingan din ng mga residente na nagkaroon ng labanan sa naturang lugar.

Inaresto naman ng mga elemento ng PNP noong Pebrero 26 at hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa inililitaw si Joneven Gario, 33, residente ng Barangay Quintinremo, Moises Padilla, Negros Occidental. Matapos arestuhin sa Poblacion, Mabinay, Negros Oriental ay dinala siya sa hedkwarters ng 62nd IB.

## Panggigipit sa mga aktibista at magsasaka, nagpapatuloy

NAGPAPATULOY ANG PANGGIGIPIT ng rehimeng US-Duterte sa ligal na demokratikong kilusan ng mga magsasaka at iba pang sektor. Mula Pebrero hanggang Marso 5, umaabot sa 22 mga aktibista ang iligal na inaresto at idinetine ng AFP at PNP.

Inaresto noong Pebrero 22 ng mga nakasibilyang myembro ng PNP-CIDG-NCR si Marklen Maojo Maga, 39, 8:40 ng umaga sa harap ng kanilang bahay sa San Mateo, Rizal. Si Maga ay organisador ng Kilusang Mayo Uno. Hapon na nang malaman ng pamilya na nakakulong siya sa Camp Crame. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong pagpatay at *illegal possession of firearms*. Si Maga ay manugang ni Rafael Baylosis, ang konsultant ng NDFP na inaresto noong Enero 31.

Noong Marso 5, sinampahan ng kasong *frustrated murder* sina Rudy Bela, Henry Halawig, Robert Nievera at Steve Mendoza, mga *paralegal* ng OLALIA-KMU.

Noong Pebrero 27, pinigilan ng Bureau of Immigration na lumabas ng bansa ang mga aktibistang Lumad na sina Kerlan Fanagel at Lorna Mora. Nakatakdang dumalo ang dalawa sa Asia Preparatory Meeting na ipinatawag ng United Nations sa India upang ihapag doon ang mga usaping kinakaharap ng mga Lumad.

**Atake sa mga magsasaka**

Noong Marso 2, pinatay ng pinaniniwalaang mga militar ang lider ng grupong Ifugao Peasant Movement (IPM) na si Ricardo Mayumi. Si Mayumi ay mahigpit na tumututol sa pagtatayo ng proyektong *mini-hydro dam* ng Sta. Clara at Ayala's Quadriver sa Tinoc, Ifugao. Bago nito, pinadalhan ng mga sundalo ng larawan ng *gamong* (kumot panglibing ng Ifugao) si Mayumi at siyam pang kasapi ng IPM. Ang larawang ito ay itinuturing na pagbabanta sa kanilang buhay.

Noong Marso 3, hinaras ng mga pulis ang mga magsasaka ng Lupang Ramos sa Cavite. Nagpupumilit pumasok ang mga elemento ng PNP-SAF ng Silang na pinangunahan ni Maj. Joseph Ulfinos sa kanilang mga sakahan para diumano'y magpatrulya. Nagdulot ng matinding takot ang naka-*full battle gear* na mga pulis. Kinunan pa ng mga ito ng litrato ang mga nakadikit na plakard na may mga panawagan sa *gate* ng mga sakahan. Dinidinig pa sa korte ang kaso ng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka.

Noon namang Pebrero 20, sinimulang palayasin ang mga magsasaka at kanilang pamilya sa Barangay San Mateo, Norzagaray, Bulacan. Nasa 32 magsasaka dito ay mga myembro ng Samahan ng mga Magbubukid sa Compra o SMC, lokal na tsapter ng KMP. Nasa 100 kabahayan ang nanganganib maalis sa kanilang kinatitirikan. Pinaburan ng Department of Agrarian Reform Adjudication Board o DARAB ang panig ng mang-aagaw ng lupang Royal Mollucan Realty Inc. kontra sa mga magsasaka. Pinangunahan ng PNP ng Norzagaray at Malolos sa ilalim ni PSupt. Gerardo Almario Andaya ang marahas na demolisyon. AB

---

# *#WalkoutPH*, humugos sa kalsada

Humugos sa iba't ibang bahagi ng bansa ang libu-libong kabataan at estudyante kasama ang iba't ibang sektor noong Pebrero 23 laban sa pasismo ng rehimeng US-Duterte. Paggunita rin ito sa ika-48 taong anibersaryo ng Sigwa ng Unang Kwarto.

Pinangunahan ng Anakbayan at League of Filipino Students ang #WalkoutPH, ang pambansang protesta para sa karapatan, tunay na kalayaan at demokrasya. Kabilang sa kanilang mga panawagan ang pagtatanggol ng kalayaan sa pamamahayag, pagtigil sa pamamaslang, tunay na reporma sa lupa at pagbabasura sa programang *jeepney phaseout*.

Sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City, daan-daang mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo ang lumahok para igiit ang karapatan ng mamamayan. Kasama ang mga manininda at mga tsuper ng dyip, nagtipon ang mga ito sa harap ng Palma Hall at simbolikong isinara ang pamantasan. Pagkatapos ng programa sa UP ay nagtungo ang grupo upang makiisa sa nagaganap na protesta ng mga magsasaka at mag-aaral sa Mendiola. Kasama naman ang mga magsasaka ng Eastern Visayas *(tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 11)*, nagmartsa ang mga mag-aaral ng Far Eastern University, UP Manila, Polytechnic University of the Philippines, University of Santo Tomas, University of the East at iba pang pamantasan sa Kamaynilaan sa martsa-protesta tungong Mendiola, Maynila upang kundenahin ang tumitinding militarisasyon sa kanayunan at *crackdown* sa mga aktibista. Sinunog nila ang *effigy* ni Duterte na nakabihis hari at may koronang may katagang "Duterterorista."

Daan-daan rin ang lumahok sa protesta sa Session Road sa Baguio City laban sa tangkang *charter change* ni Duterte. Ang protesta ay pinangunahan ng LODI ti Baguio, Youth Act Now Against Tyranny at Cordillera Peoples' Alliance. Bitbit ng mga mag-aaral ang mga plakard

na may larawan ng madre, magsasaka, katutubo, mag-aaral at guro na may nakatutok na target sa puso at ulo bilang paglalarawan sa dumaraming kaso ng pampulitikang pamamaslang ng rehimeng Duterte.

Nakiisa rin ang mga mag-aaral ng Tacloban na tinawag si Duterte na mapang-api, diktador at pasista. Bilang paggunita rin sa ika-32 taon ng pag-aalsang EDSA, naglunsad ng programa ang mga estudyante sa Iloilo. Kabilang sa kinundena ng mga kabataan ay ang pekeng libreng matrikula ni Duterte. Ayon sa grupo ng mga kabataan, bagamat ipinasa ang P8 bilyong pondo para sa libreng matrikula sa 2017 at ang Universal Access to Quality Tertiary Education Act (o RA 10931), nagpapatuloy ang paniningil ng samu't saring bayarin sa mga pampublikong unibersidad. Pilit na nalilimitahan ng mga pamantasan ang mga estudyante at mga benipisyaryo nito. Sa katunayan, hindi lahat ng estudyante sa pampublikong unibersidad at kolehiyo ay nakatatamasa ng libreng edukasyon.

Nakaamba rin ang kaltas pondo sa edukasyon para sa todo-gera at pasismo ni Duterte laban sa mamamayan. Kasabay ng papataas na bayarin at matrikula, hindi rin ligtas ang mga kabataan sa epekto ng TRAIN Law. Anila, tusong ibinabandera ngayon ni Duterte ang benepisyo diumano ng TRAIN Law dahil sa pagkaltas ng buwis sa mga manggagawa samantalang barya lamang ang kaltas kumpara sa higit na dobleng pagtaas ng presyo ng pagkain, kuryente, mga pangunahing serbisyo at pamasahe. Gagamitin rin ang pondo mula sa TRAIN sa samu't saring gerang pinakawalan ni Duterte laban sa mamamayan at upang pondohan ang makadayuhang proyektong pang-imprastrukturang "Build, Build, Build."

Mariin ding binatikos ng mga kabataan at magsasaka ang lansakang pag-atake ni Duterte sa demokratikong karapatan ng mamamayan. Walang pakundangan ang pag-aresto, pagpaslang at tortyur sa mamamayan sa kalunsuran, higit sa kanayunan. Sunud-sunod ang pag-aresto sa mga kilalang aktibista, tinatakot at sinasampahan ng pekeng kaso ang sinumang lumalaban upang sila ay patahimikin habang daan-daan na ang mga magsasakang pinaslang. Ayon kay Kabataan Rep. Sarah Elago, ang tumitinding kalagayang pampulitika, ekonomya at paglabag sa karapatang-tao ay sapat na mga dahilan upang lumahok ang mga kabataan sa malawak na mamamayan sa kanilang panawagan na patalsikin si Duterte at wakasan ang bantang diktadura nito.

Itinakda ng mga kabataan ang Pebrero 23 bilang una sa serye ng kanilang ilulunsad na *walkout* at boykot upang wakasan ang tiranikong paghahari ni Duterte. Bago nito, naglunsad ng iba't ibang pagkilos ang mga estudyante sa kanilang mga kampus. Noong Pebrero 22, nagpiket ang mga estudyante sa PUP laban sa panukalang *mandatory* ROTC. Naglunsad naman ng pagkilos ang mga estudyante ng UP Tacloban para sa kanilang kagalingan at karapatan noong Pebrero 21.

Ayon sa Anakbayan, hindi maikubli ng Malacañang ang kanilang takot sa galit ng mamamayan. Banta ng mga mag-aaral, yayanigin ng kanilang papalaki pang protesta ang sistemang nagbubunga ng mga tuta, pasista at diktador tulad nina Marcos at Duterte.

Sa isang pahayag, nakiisa rin si Prop. Joma Sison sa kanilang protesta. Aniya, napapanahon ang paggunita sa FQS dahil hinaharap ngayon ng mga estudyanteng kabataan ang halimaw na pasistang diktadura ni Duterte. Dapat halawan ng aral ng mga mag-aaral ang FQS at mahalagang pakilusin nang milyun-milyon ang mga estudyante at iba pang sektor sa Maynila at iba pang lungsod sa Pilipinas sa pamamagitan ng martsa at protesta laban sa rehimeng Duterte. AB

## Pag-aalsang EDSA, ginunita

ILANLIBO ANG DUMALO sa paggunita ng ika-32 anibersaryo ng EDSA People Power noong Pebrero 24 sa Maynila at sa ibang prubinsya. Tampok na panawagan sa nasabing komemorasyon ang paglaban sa diktadura at tiraniya ni Duterte kabilang ang *martial law* sa Mindanao, TRAIN Law at gera "kontra-droga."

Sa Maynila, ginanap ang pagkilos sa Don Chino Roces Bridge sa Mendiola sa pangunguna ng Movement Against Tyranny-Metro Manila at Bayan, kasama ang mga beterano ng *martial law* na sina Judy Taguiwalo at Satur Ocampo.

Bago tumulak papuntang EDSA ang delegasyon ng Southern Tagalog, nagkaroon muna ng *caravan* ang grupo mula San Pablo hanggang Calamba. Tumigil sila sa mga kampo ng PNP sa Camp Macario Sakay sa Los Baños at Camp Vicente Lim sa Canlubang upang kundenahin ang pinatinding militarisasyon sa kanayunan.

Sa Cotabato City, nagsadula ang mga kabataang myembro ng Liga ng Kabataang Moro (LKM) at Anakbayan sa interseksyon ng Quezon Ave. at Japal Gulari Sr. St. Pinangunahan naman ng Kawagib Alliance for the Advancement of Moro Human Rights ang pagtitipon sa Cotabato Plaza kasama ang mga beterano ng *martial law*. Nagtagpo ang dalawang grupo sa Tantawan Park at doon naglunsad ng programa.

Pahayag ni Minda Kanakan, beterano ng *martial law* mula sa Cotabato City, "ang terorismo at pasismo ng gubyerno ang nagtulak sa taumbayan na manindigan at lumaban." Ayon naman kay Asraf Buisan, tagapagsalita ng LKM-CCSPS, pinagbabawalan ang mga organisasyon ng Moro sa mga eskwelahan dahil baka daw maging lugar ng rekrutment ng "ISIS." AB

# Lakbayan ng mga magsasaka sa Northern Samar, inilunsad

Naglunsad ng lakbayan tungong Maynila ang mga magsasakang mula sa Northern Samar para ipanawagan sa rehimeng US-Duterte na ibigay na ang ayudang nararapat sa kanila at itigil ang militarisasyon sa kanilang mga lugar.

Kasabay ng mga kapwa magsasaka sa iba't ibang prubinsya, kinundena nila ang pagmanipula ng rehimeng Duterte, sa pamamagitan ng kalihim nito sa Department of Agriculture na si Manuel Piñol, sa suplay at presyo ng bigas para tumubo ng malaki sa kapinsalaan nilang maliliit na magsasaka. Samantala, tuluy-tuloy ang protesta ng mamamayan laban sa kontraktwalisasyon, *charter change* at iba pang pahirap na patakaran ng rehimen.

Noong Pebrero 22, inilunsad ng 50 myembro ng Northern Samar Small Farmers Association (NSSFA) ang kampanyang #StandWithSamar: Caravan for Rights and Justice. Isa sa pangunahin nilang panawagan ang paggiit na ipamahagi na ang pondo para sa kanilang agrikultural na pangangailangan. Dumiretso sila sa Mendiola sa unang araw nila sa pambansang kabisera, kasama ang iba't ibang sektor na nakikiisa sa kanilang kampanya. Matapos nito, nagtayo sila ng kampuhan sa harap ng upisina ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City.

Noong Marso 1, nagprotesta sila sa tanggapan ng Department of National Defense sa Camp Aguinaldo sa parehong syudad upang kundenahin ang pinatinding *crackdown* na istilong Tokhang at kontra-insurhensyang mga operasyon ng militar sa pamamagitan ng mga pekeng pagpapasuko at matinding militarisasyon sa Eastern Visayas. Noong Pebrero 26, nagprotesta sila sa harap ng pambansang upisina ng National Food Authority (NFA) upang hingin na pondohan ng ahensya ang produksyon ng bigas sa Region 8.

**Mga protestang magsasaka**

Noong Marso 6, nagpiket ang mga myembro ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura sa tubuhan ng Hacienda Raymunda na pag-aari ni Domingo Lacson. Giit ng mga mangagawang bukid na itaas nang higit sa P200 kada kinsenas ang kanilang sinasahod, at gawing nakasasapat upang sila ay mabuhay.

Magkakasunod na mga piket naman ang inilunsad ng mga magsasaka sa ilalim ng PIGLAS-Quezon sa harap ng barangay *hall* ng Camflora, San Andres, Quezon, sa harap ng bodega ng panginoong maylupa na si Dr. Vicente K. Uy, sa upisina ng Sangguniang Bayan at sa DAR-San Andres noong Marso 5. Ipinanawagan nilang iatras na ang gawa-gawang kasong *qualified theft* laban sa 48 magsasaka ng asyenda.

Sa Lucena City, pinangunahan ng KMP at CLAIM ang protesta sa harap ng UCPB upang hilingin na maibalik sa kanila ang pondo ng *coco levy*, panawagang mapababa ang upa sa lupa gayundin ang pagtigil sa panghaharas at pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga magsasaka ng mga panginoong maylupa.

Sa Cagayan De Oro City, pumunta sa upisina ng NFA-Misamis Oriental ang mga myembro ng KMP-NMR at KADAMAY upang hilingin ang pagkakaroon ng kontrol sa presyo ng bigas, itigil ang importasyon at ibaba ang presyo ng bigas na NFA.

Samantala, noong Pebrero 28, nagprotesta ang mga myembro ng iba't ibang grupo ng Lumad sa pangunguna ng Barug Katungod Mindanao sa harap ng Department of Justice para labanan ang pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa kanilang mga lider at kasamahang aktibista na sumasalungat sa anti-mamamayang mga patakaran ng gubyernong Duterte.

**Laban kontra-kontraktwalisasyon**

Noong Marso 2, kinalampag ng KMU-SMR ang panrehiyong upisina ng DOLE bilang paggunita sa ika-29 na anibersaryo ng Herrera Law. Kasama sa mga nagprotesta ang mga manggagawang kontraktwal ng Coca-Cola FEMSA Davao at Julu Feeds Inc. Binatikos ng grupo ang pagpapawalang-sala ng DOLE sa mga ahensya ng parehong kumpanya kaugnay sa patakaran nitong *labor only contracting* at pagkakait sa kanila ng katiyakan sa trabaho.

Sa parehong araw, nagpiket sa Quezon City ang Gabriela Women's Party para kundenahin ang rehimeng Duterte sa kabiguan nitong wakasan ang kontraktwalisasyon. Nagkaroon din ng katulad na pagkilos sa Panay.

Samantala, lumalawak sa NCR at ibang probinsya ang kilusan kontra-pasismo. Noong Marso 6, naglunsad ng protesta ang iba't ibang grupo na pinangunahan ng Coalition for Justice at ng Movement Against Tyranny sa harap ng kongreso upang suportahan ang laban ni Supreme Court Chief Justice Maria Lourdes Sereno. Panawagan din ng grupo na ipagtanggol ang demokrasya laban sa diktadura at tiranikong rehimen ni Duterte.

Noon namang Marso 1, naglunsad ang Bagong Alyansang Makabayan at ang Movement Against Tyranny-Cebu ng Regional Consultative Hearing na nagtutulak na amyendahan ang 1987 na Konstitusyon. AB